4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Lilibeth S. Eyo, Ed.D. (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**
- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 1 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **1. Natatalakay ang konsepto ng bansa**<br>Tiyak na layunin:<br>- Nasasabi ang kahulugan ng hangganan at teritoryo<br>- Natutukoy hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas.<br>**2. Naipaliliwanag ang mga saligan ng lawak at hangganan ng teritoryo ng Pilipinas**<br>Tiyak na layunin:<br>- Natutukoy ang teritoryo ng Pilipinas ayon sa Kasaysayan at Saligang Batas<br>- Natatalakay nag teritoryo ng Pilipinas gamit ang iba’t ibang batayan gaya ng Kasaysayan at Saligang Batas. |
| **D. Nilalaman** | B. Ang Pambansang Teritoryo<br>1. Saligan ng Teritoryo<br>a. Ayon sa Kasaysayan<br>b. Ayon sa Saligang Batas |
| **E. Integrasyon** | SDG #4:<br>Quality Education<br>Kultura<br>Citizenship<br>Cultural identity<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN

Antonio,E., Banlaygas, E. & Antonio,S. (2018). Kayamanan 4.  Rex Printing Company

Baisa – Julian, A., & Lontoc, N. (2017). Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 6. Phoenix Publishing House

Belarde, R., Balaoing, J., Barcelon, V., Fajardo, J., Daroni, C., Santos, E., Garcia, P., Dela Cruz, E., Villegas, J., (2023). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Rex Book Store, Inc.

Cruz, M. (2021). Pamayanan at Kasaysayan ng Lahing Pilipino 6. DIWA Learning Systems Inc.

Danao, C., Mangahas, F.,Molave, A., Palomar, L. (2008). Kalinangan 6. Phoenix Publishing House, Inc.

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan 2016. Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Garcia, P., et.al. (2023). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo 6. Rex Book Store, Inc.

Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.

Ang mga larawan ay kinuha mula sa:

*Facebook*. (n.d.). Www.facebook.com. Retrieved May 29, 2024, from https://www.facebook.com/photo/?fbid=277989387669085&set=a.277989374335753&locale=ml_IN

Vidiani.com. (2015). http://www.vidiani.com/maps/maps_of_asia/maps_of_southeast_asia/large_scale_political_map_of_Southeast_Asia_with_capitals_and_major_cities_2013.jpg

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. MUNTING BALIK-ARAL**<br><br>**Gawain 1: SURI-MAPA**<br><br>Susuriin ng mga mag-aaral ang mapa.  Gamit ang mapa ay pupunan ng mag-aaral ang tsart ng bansa, pulo, at anyong tubig na pumapalibot sa Pilipinas at ipasagot ang tanong sa ibaba pagkatapos ng gawain.<br><br><br><br>Mula sa: https://www.facebook.com/photo/?fbid=277989387669085&set=a.2779 | Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na magdagdag pa ng angkop na gawain para sa mga mag-aaral. |

| Hilaga | Timog | Kanluran | Silangan |
|---|---|---|---|
| | | | |

1. Bakit mahalagang matukoy ang relatibo lokasyon ng Pilipinas?

______________________________________________________________________

**Gawain 2: BUSA KAALAMAN**
Hikayatin ang bawat mag-aaral na magbahagi ng dating kaalaman kaugnay sa paksang natalakay tungkol sa relatibo at tiyak lokasyon ng Pilipinas. Narito ang mga hakbang sa pagsasakatuparan ng estratehiyang ito:

1. Bumuo ng pambungad na katanungan tungkol sa natalakay na paksa (Relatibo at Tiyak na Lokasyon ng Pilipinas).

   Ano ang iyong nalalaman tungkol sa sumusunod na mga salita/pahayag?
   - Lokasyong Relatibo
   - Tiyak na Lokasyon
   - Mga Bansa at Katubigan sa Hilaga, Timog, Kanluran at Silangan Bahagi ng Pilipinas
   - Latitud at Longhitud

2. Bibigyan ang bawat isa na mag-isip matapos ang tanong.
3. Sa hudyat ng isang tunog, maghihintay ang buong klase sa tatayong mag-aaral upang magbahagi. Ang hindi tumayong mag-aaral ay bubuo ng pangunahing diwa ng binuong kaisipan ng mga mag-aaral na nagbahagi ng kanilang kaalaman.
4. Iproseso ang naging damdamin ng mga mag-aaral sa gawain. Mahalagang mapagnilayan ang naging mabuting epekto nito sa biglaang pag-iisip, boluntaryong pagbabahagi, at bukas-pusong pakikinig tungo sa pag-aambag ng kaalaman.

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Gawain 3: *Hashtag!*#Larawan**<br>**Panuto:** Gamit ang larawan ng mapa ng Pilipinas sa Timog Silangan Asya, mag-iisip ng *hashtag* na nagsisimula sa t at h ang mag-aaral tungkol sa kahalagahan nito sa pagtukoy ng sakop ng Pilipinas. At pagkatapos ay magbibigay sila ng konti paliwanag sa napiling hashtag.<br><br><br><br>Mula sa:<br>http://www.vidiani.com/maps/maps_of_asia/maps_of_southeast_asia/large_scale_political_map_of_Southeast_Asia_with_capitals_and_major_cities_2013.jpg<br><br>**#t____________________________** **#h____________________________**<br><br>**Paliwanag:**<br>__________________________________________________________<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 4: Pagbuo ng Salita**<br>**Panuto:** Tutukuyin ng mga mag-aaral ay ang mga konsepto tungkol sa aralin. Gawing gabay ang mga letrang nasa loob ng kahon upang matukoy ang mga konsepto.<br>1. **T _ R I _ _ R Y _**<br>Isang mahalagang elemento ng estado; ang mga lugar na tinitirhan ng mga tao, gayundin ang mga sakop na lugar na nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng estado.<br><br>2. **H _ N G G _ _ A _**<br>Ang lugar o punto kung saan natatapos o nagsisimula ang isang bagay at ang pinakamalayo o pinakamataas na punto na maaaring marating o hindi dapat lampasan. | Sa bahaging ito, maaaring gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa paggawa nito sa tulong ng naaangkop na katanungan o *hints/ clues.*<br><br>Sa bahaging Pagbuo ng Salita, ang guro ay may kalayaang gumamit ng naaayon na *technique* para sa pagsasagawa nito.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. TERITORYO<br>2. HANGGANAN<br>3. KASUNDUAN<br>4. SALIGANG-BATAS |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. **K _ S _ N D _ _ N**<br>Isang pormal o di-pormal na pagkakasundo sa pagitan ng dalawa o higit pang mga partido na may mga tuntunin at kondisyon ukol sa isang bagay o isyu.<br><br>4. **S _ L _ G _ N G – B _ T _ S**<br>Ang pinakamahalagang dokumento na nagbabalangkas sa paggawa ng batas, istraktura ng pamahalaan, at nagtatakda ng mga prinsipyo, polisiya, karapatan, at responsibilidad ng mga mamamayan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa: Pambansang Teritoryo Ng Pilipinas**<br><br>Ang Teritoryo ay tumutukoy sa sukay ng lupain saklaw ng hurisdiksiyon ng isang bansa o estado. Kasawa rito ang mga taglay na ilog at mga lawa, bahagi ng dagat na nakapaligid sa kalupaan, at ang kalawakang itaas na katapat nito. Ito ay maaring mauri bilang kalupaan (terrestrial), katubigan (Fluvial, halimbawa nito ay mga ilog at lawa), karagatan (maritime), at kalawakang itaas (aerial). Ang Pilipinas ay isang kapuluan o arkipelagong bunubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo. Ito ay matatagpuan sa Timog_Silangan Asya at may lawak na lupaing 300,000 kilometro kuwadrado. Salamantalang ang lawak ng lupa kasama ang lawak na sumakop sa 12 milyang teritoryal ng karagatan ay 538,564 kilometro kuwadrado. Sa pangkalahatan, ang kabuoang lawak ng lupa at Exclusive Economic Zone (EEZ) nito ay 1,208,986 kilometro kuwadrado. Mahalagang matiyak ang pambansang teritoryo ng isang bansa upang maiwasan ang anumang pakikialam ng mga dayuhan. Ang kabuuang teritoryo ng Pilipinas ay nakasaad sa mahahalagang kasulatan at mga datos na nababatay sa kasaysayan ng bansa at saligang batas.<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-Unawa**<br><br>**Halina't Kilalanin:**<br><br>**Teritoryo Ng Pilipinas Ayon Sa Kasaysayan**<br><br>Ang kasalukuyang hangganan at sakop ng Pilipinas ay nasasaad sa iba't ibang dokumento, tulad ng *Treaty of Paris* ng United States at ng Spain noong Disyembre 10, | |

1898; Kasunduan sa Washington sa Pagitan ng Espanya at Estados Unidos noong Nobyembre 7, 1900 at Kasunduan sa Pagitan ng Estados Unidos at Britanya noong Enero 2, 1930.

**Kasuduan sa Paris 1898 (Treaty of Paris)**

Ang kasunduan sa Paris ay tumapos sa digmaan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya na naganap noong Abril 25 hanggang Agosto 1898. Nagwagi ang Estados Unidos sa digmaan. Ang kasunduan ay nilagdaan ng mga kinatawan bf gobyerno ng Estados Unidos at kaharian ng Espanya noong Disyenbre 10, 1898. Nasasaad sa kasunduan na isusuko ng ng Espanya ang Cuba, Puerto Rico, Guam at Pilipinas sa Estados Unidos. Nasasaad din sa kasunduan na babayaran ng 20 milyong dolyar ang Espanya bilang kapalit sa pagbili ng Pilipinas. Kaya ang Pilipinas ay muli naipasailalim sa kapangyarihan ng panibagong mananakop – ang Estados Unidos.

**Kasuduan sa Washington (Treaty of Washington)**

Muling nakipagsundo ang Estados Unidos sa Espanya na magbayad ng 100 libong dolyar upang maisama ang pulo ng Cagayan (Mapun), Sibutu, at Sulu, maging ang malalapit na baybayin ng Borneo, sa teritoryong isinuko ng Espanya sa Estados Unidos. Ang kasunduan ay nilagdaan noong Nobyembre 7, 1900.

**Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Britanya**

Itinakda ng kasunduang ito ang pagbalik ng Turtle Islands (Tawi-Tawi) at Mangsee Islands sa teritoryo ng Pilipinas. Ang pulong ito ay nasa pagitan ng Borneo at Sulu. Pinamamahalaan ito ng mga British kaya nang mapunta sa pamamahala ng Estados Unidos ang Pilipinas, nagkaroon ng kasunduan na isama sa teritoryo ng Pilipinas ang pulong ito. Nilagdaan ito noong Enero 2, 1930.

**Teritoryo Ng Pilipinas Ayon Sa Saligang Batas**

Nakasaad sa Saligang-Batas ng 1987 ang hangganan at sakop ng teritoryo ng Pilipinas. Matatagpuan sa Artikulo 1, Seksyon 1, na ganito ang isinasaad:

> Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluang Pilipinas, kasama ang lahat ng pulo at karagatang nakapapaloob dito, at lahat ng iba pang teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o saklaw ng Pilipinas, kasama ang dagat teritoyal, ang kalawakan, ang kailaliman ng lupa, ang ilalim ng dagat, ang mga kalapagang insular, ang iba pang lugar submarina. Ang karagatang nakapaligid, nakapagiatn, at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan, maging anuman ang lawak at sukat, ay bumubuo sa panloob na karagatan ng Pilipinas.

| | | |
|---|---|---|
| | Samakatuwid, ang pambansang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng sumusunod:<br><br>**Kalawakang Panghimpapawid** – Ito ang tumutukoy sa bahagi ng kalawakang sumasakop sa teritoryong lupain at karagatan ng Pilipinas.<br><br>**Dagat Teritoryal** – Bahagi ng dagat na sumasaklaw ng 3 milya palabras papuntang dagat, ito ang hangganan ng bansa.<br><br>**Ilalim ng Dagat** – Tumutukoy ito sa lupang nasa ilalim ng dagat.<br><br>**Kailaliman ng Lupa** – Tumutukoy ito sa lupang nasa ilalim ng kapuluan.<br><br>**Mga Dagat na Napapaloob sa Pilipinas** – Sumasakop ito sa lahat ng mga dagat na nasa pagitan at nag-uugnay sa lahat ng pulo, maging anuman ang lawak at sukat.<br><br>**Kalapagang Insular** – Ito ay sumasakop sa bahagi ng kontinente o kalupaan na nasa ilalim ng tubig na bahagi ng kalatagan ng dagat na nakadugtong sa baybayin ng isang pulo o kontinente.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Impo-Tsart!** Sa pamamagitan ng tsart, pupunan ng mga mag-aaral ng mga impormasyon na naaayon sa hinihingi nito. Narito ang hakbang sa estratehiyang ito:<br><br>1. Papangkatin ang klase at bibigyan ng mga impormasyong tungkol sa paksang tatalakayin.<br>2. Babasahin ng mga mag-aaral ang mga impormasyon ito sa loob ng sampung minuto.<br>3. Gamit ang impormasyon ng paksa, pupunan ng mga mag-aaral ang tsart na inihanda para sa bawat pangkat. Magbibigay muli ng karagdagang sampung minuto upang maisakatuparan ito.<br>4. Pagkatapos ng sampung minuto, bibigyan ang bawat grupo ng 30 segundo upang ipaskil at ilahad ang kanilang ginawa.<br>5. Iproseso ang naging gawain. Dapat mapagnilayan ng mga mag-aaral ang halaga ng bawat detalye sa isa't isa.<br><br>**Tsart 1: Teritoryo ng Pilipinas Ayon sa Kasaysayan** | |
| | <table><tr><th>Mahalagang Petsa</th><th>Kasuduan o Batas</th><th>Mga Probisyon</th></tr><tr><td>1. ____________</td><td>Kasunduan sa Paris</td><td>____________<br>____________</td></tr></table> | Nakadepende sa guro kung ilang pangkat ng mga mag-aaral ang nanaisin. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

| | | |
|---|---|---|
| **2.** ______________________ | *Kasunduan sa Washington* | ______________________<br>______________________ |
| **3.** ______________________ | *Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Bitanya* | ______________________<br>______________________ |

</td>
<td>

**Tsart 1**

**Mga Tamang Sagot:**

Mahalagang Petsa
1. Disyembre 10. 1898

Kasunduan o Batas
1. Kasunduan sa Paris

Mga Probisyon
1. Sa kasunduang ito, ipinagkaloob ng Espanya sa Estados Unidos ang Pilipinas sa halagang dalawampung milyong dolyar.

Mahalagang Petsa
2. Nobyembre 7. 1900

Kasunduan o Batas
2. Kasunduan sa Washington

Mga Probisyon
2. Nagkaroon muli ng kasunduan ang Espanya at Estados Unidos kung saan sa pagkakataong ito

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Tsart 2: Teritoryo ng Pilipinas Batay sa Saligang Batas**<br><br>\| **Saligang-Batas** \| **Isinasaad** \|<br>\| *Saligang-Batas ng 1987 (Artikulo 1, Seksyon 1)* \| \| | nadagdag ang Cagayan, Sulu, at Sibutu sa teritoryo ng bansa<br><br>Mahalagang Petsa<br>3. Enero 2, 1930<br><br>Kasunduan o Batas<br>3. Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Britanya<br><br>Mga Probisyon<br>3. Ipinahayag ditto ang mga hangganang sakop ng Pilipinas kaugnay sa hangganan ng Hilagang Borneo. Ipinahayag din sa kasunduang ang Mangsee at Turtle Islands ay sakop ng kapuluan ng Pilipinas.<br><br>**Tsart 2**<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br><br>Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluang Pilipinas, kasama |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**.<br><br>**Sagot Mo! Itaas Mo**: Magkakaroon ng laro sa pagtuturo at pagkatuto. Sa gawaing ito, lilinangin ang tiyak na kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paksa tungkol sa teritoryo ng Pilipinas ayon sa Kasaysayan at Saligang Batas.<br>• Maghanda ng dalawang cardboard para sa bawat pangkat na may salitang Ayon sa Kasaysayan at Ayon sa Saligang Batas.<br>• Bumuo ng apat na pangkat. Bigyan ng panandang bilang ang bawat kasapi upang mas maging sistematiko ang gagawing laro. | ang lahat ng pulo at karagatang nakapapaloob dito, at lahat ng iba pang teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o saklaw ng Pilipinas, kasama ang dagat teritoyal, ang kalawakan, ang kailaliman ng lupa, ang ilalim ng dagat, ang mga kalapagang insular, ang iba pang lugar submarina. Ang karagatang nakapaligid, nakapagiatn, at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan, maging anuman ang lawak at sukat, ay bumubuo sa panloob na karagatan ng Pilipinas.<br><br>Maaaring dagdagan ng guro<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. Kasaysayan<br>2. Saligang-Batas<br>3. Saligang-Batas<br>4. Kasaysayan |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

- Maghanda ng mga pahayag tungkol teritoryo ng Pilipinas na nakasaad ayon sa Kasaysayan at Saligang Batas.
- Itataas ng mag-aaral ang salitang Kasaysayan kung ang tinutukoy ang pahayag ay teritoryo ng Pilipinas ayon sa kasaysayan at Saligang-Batas kapag ito at tumutukpy sa Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Saligang-Batas.
- Tatawag ang guro ng bilang ng mag-aaral na sasagot sa katanungan. Bawat tamang sagot ay bibigyan ng puntos.
- Tatawag muli ng iba pang ilang hanggang sa maubis ang mga katanungan.
- Ang may mataas ang puntos ay tatanghaling panalo.

Mga Pahayag:

1. Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898. ____________________
2. Ang Kalawakang panghimpapawid ay bahagi ng teritoryong lupain ng Pilipinas. _______________
3. Ang ilalim ng dagat ay lupang nasa ilalim ng dagat na teritoryo ng Pilipinas. _____________
4. Ang Mangsee at Turtle Islands ay sakop ng kapuluan ng Pilipinas. ________________
5. Ipinakaloob ng Espanya sa Estados Unidos ang Pilipinas sa halagang dalawampung milyong dolyar. __________________
6. Kasunduan sa Washington noong Nobyembre 7, 1900. _______________ .
7. Ang dagat teritoryal na sumasaklaw sa 3 milya palabras papunta sa dagat ay hangganan ng bansa. _______________
8. Ang kailaliman ng lupa na lupang nasa ilalim ng kalupaan ay teritoryo ng Pilipinas. ______________
9. Lahat ng pulo at karagatan nakapaloob sa Pilipinas ay nasa kapangyarihan ng Pilipinas. ____________
10. Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Britanya noong Enero 2, 1930. __________

</td>
<td>5. Kasaysayan<br>6. Kasaysayan<br>7. Saligang-Batas<br>8. Saligang-Batas<br>9. Saligang-Batas<br>10. Kasaysayan</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>

Gawing gabay ang kuwadro sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Dayagram ng Pag-Unawa:** Balikan muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Kasaysayan at Saligang-Batas.

</td>
<td>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. Ang mga kasagutan kaugnay</td>
</tr>
</table>

ng naramdaman at naranasan ay makatutulong sa planong gagawin at pagpapaunlad sa mga susunod na pagbuo ng mga gawain at pagsasanay sa iba't iba pang paparating na paksa at aralin.

**SALIGAN NG TERITORYO NG PILIPINAS**

**AYON SA KASAYSAYAN**

**Mahalagang Petsa**

Disyembre 10. 1898

**Kasunduan o Batas**

Kasunduan sa Paris

**Mga Probisyon**

Sa kasunduang ito, ipinagkaloob ng Espanya sa Estados Unidos ang Pilipinas sa halagang dalawampung milyong dolyar.

**Mahalagang Petsa**

Nobyembre 7. 1900

**Kasunduan o Batas**

Kasunduan sa Washington

**Mga Probisyon**

Nagkaroon muli ng kasunduan ang Espanya at Estados Unidos kung saan sa pagkakataong ito nadagdag ang Cagayan, Sulu, at Sibutu sa teritoryo ng bansa

**AYON SA SALIGANG-BATAS**

Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluang Pilipinas, kasama ang lahat ng pulo at karagatang nakapapaloob dito, at lahat ng iba pang teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o saklaw ng Pilipinas, kasama ang dagat teritoyal, ang kalawakan, ang kailaliman ng lupa, ang ilalim ng dagat, ang mga kalapagang insular, ang iba pang lugar submarina. Ang karagatang nakapaligid, nakapagiatn, at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan, maging anuman ang lawak at sukat, ay bumubuo sa panloob na karagatan ng Pilipinas.

**Mahalagang Petsa:** Enero 2, 1930

**Kasunduan o Batas:** Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Britanya

**Mga Probisyon:** Ipinahayag ditto ang mga hangganang sakop ng Pilipinas kaugnay sa hangganan ng Hilagang Borneo. Ipinahayag din sa kasunduang ang Mangsee at Turtle Islands ay sakop ng kapuluan ng Pilipinas.

## 2. Pagninilay sa Pagkatuto

| | | |
|---|---|---|
| Ano ang | naranasan habang ginagawa ang mga gawain sa pagkatuto? | ____________________ |
| | naramdaman nang nalaman ang mga saliyan ng teritoryo ng Pilipinas ayon sa Kasaysayan at Saligang-Batas? | ____________________ |

## IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY


**TALA SA GURO**

### A. Pagtataya

**IKAAPAT NA ARAW**

1. **Pagsusulit**

Ipagawa ang sumusunod na panukat sa pagkatuto sa aralin ng mga mag-aaral:
**Tara't- Maglikha:** Hatiin ang klase sa apat. Maaring pumili lamang ng isang gawain na sa tingin mo ay magagawa nila nang mahusay na nagpapakita ng teritoryo ng Pilipinas ayon sa natalakay na paksa o kaya ay iba't ibang gawain sa bawat grupo.





Sa paggawa ng gawain, isaalang-alang ang pamantayan ng *rubric na nasa ibaba.*

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Kabuluhan | Lubhang makabuluhan ang mensahe ng gawain | Makbuluhan ang mensahe. | Hindi gaanong makabuluhan ang mensahe. | Hindi makabuluhan ang mensahe. |
| Kalinawan Ng Paglalahad | Lubhang malinaw ang lahat ng mensahe a gawain | Malinaw ang karamihan sa mensahe at pananalitang ginawa. | Hindi malinaw ang karamihan sa mensahe at pananalitang ginawa. | Hindi malinaw ang sa mensahe at pananalitang ginawa. |
| Paglalahad | Kawili-wili at nakahihikayat ang paglalahad. | Epektibo ang paglalahad. | May kaayusan at maliwanag ang paglalahad. | Walang kaayusan at hindi maliwanag ang paglalahad. |

### B. Pagbuo ng Anotasyon

Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>ba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Pahayag-Paliwanag sa Danas ng Pagtuturo<br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito ay ____________________<br>sapagkat____________________<br>Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil____________________<br>____________________.<br>Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa____________________</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>